

# **Local and Global Disciplemaking**

*Training Worksheet*

*Local and Global Disciplemaking Worksheet (2017)*  
Derick Parfan  
Baliwag Bible Christian Church (Bulacan, Philippines)  
treasuringCHRIST (<http://pastorderick.com> )

# Contents

The Great Commission.....	3
The Mission of Our Church.....	3
What is Disciplemaking?.....	6
What is a Disciple? .....	10
<b>1. Learner</b> .....	10
<b>2. Worshipper</b> .....	13
<b>3. Family Member</b> .....	17
<b>4. Servant</b> .....	20
<b>5. Missionary</b> .....	24
<b>6. Disciplemaker</b> .....	27
Discipleship Process.....	32

# The Great Commission

Habang naglalakad si Jesus sa tabi ng lawa ng Galilea, nakita niya ang magkapatid na mangingisdang sina Simon (na tinatawag na Pedro) at Andres. Naghahagis sila ng lambat. Sinabi ni Jesus sa kanila, “Sumunod kayo sa akin at gagawin ko kayong mangingisda ng mga tao.” Iniwan nila agad ang kanilang mga lambat at sumunod sa kanya (Mt 4:18-20 ASD).

Lumapit si Jesus at sinabi, “Ibinigay sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Kaya puntahan ninyo ang mga tao sa lahat ng bansa (lahi) at gawin ninyo silang mga tagasunod ko. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa katapusan ng mundo (Mt 28:18-20 ASD).

# The Mission of Our Church



**We exist to glorify God  
by building local and global  
grace communities of disciples of Jesus  
who make disciples of Jesus.**



**We exist to glorify God** - Ito ang pinakamahalaga sa lahat. Gagawin natin ang lahat ng ipinapagawa sa atin ng Diyos upang sa ating pagsunod, siya lamang ang mabigyan ng karangalan (1 Cor. 10:31; Col. 3:17). Pangunahin pa rin ang pag-ibig sa Diyos bago pag-ibig sa tao (Mat. 22:37-39). Our chief end is to glorify God and to enjoy him forever.

**by building** - Ang tagubilin ni Cristo ay hindi para sa iilang mananampalataya lamang. Ito ay para sa lahat. Ito ay para sa buong Iglesia. Mayroon tayong dapat gawin. Ang pagtatayo ng mga komunidad ng tagasunod ni Cristo ay isang proseso. Hindi mangyayari nang biglaan. Kailangang ibuhos ang oras at ang pawis para dito. Sama-sama nating gagawin ito.

**local and global** - Ibinigay sa atin ng Diyos ang bayan ng Baliwag at mga karatig-bayan nito bilang pangunahing lugar ng ating misyon. Ito ang ating “Jerusalem” (Gawa 1:8). Dahil dito ay una nating aabutin ang ating mga kapamilya, kapitbahay, kaklase, katrabaho, at mga kaibigan upang ilapit kay Cristo. Pagkatapos nito, sasanayin natin ang bawat isa upang maging bahagi ng mas malaking misyon, ang maging saksi “sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kadululduluhang bahagi ng lupa.” Magtatayo tayo ng iba pang mga komunidad sa iba’t ibang bahagi ng Pilipinas at sa iba’t ibang bahagi ng mundo na wala pang mga komunidad ng mga tagasunod ni Cristo.

**grace communities** - Ang mga komunidad na itatayo ay hindi lamang pangkaraniwang pagtitipon ng mga tao. Ito ay isang *pamilya ng Diyos na binubuo ng Kuwento ng Diyos at nakikibahagi sa misyon ng Diyos*. Ito ay komunidad na nilikha ayon sa biyaya ng Diyos, sumasamba dahil sa dakilang biyaya ng Diyos, nagmamahalan at naglilingkod sa isa’t isa ayon sa biyaya ng Diyos. Lahat ng aspeto ng buhay

ng mga komunidad na ito ay kakikitaan ng ebidensya ng pagkilos ng kamangha-manghang biyaya ng Diyos.

**disciples of Jesus who make disciples of Jesus** - Ang pangunahing utos ng Great Commission ay hindi ang “humayo” (Go); ito ay “gawin ninyong alagad ang lahat ng mga bansa” (Mat. 28:19). Bawat tao na naligtas ng biyaya ng Diyos ay dapat alagaan ng iglesia upang maging “alagad” (disciple) na tumutukoy sa isang “tagasunod” (learner o follower). Kikilalanin niyang Panginoon at Guro si Cristo sa lahat ng aspeto ng kanyang buhay. Sasanayin siya upang matuto ring umakay pa ng ibang tagasunod ni Jesus (disciplemaking).

1. *Ano ang bahaging ginagampanan mo ngayon sa misyon ng church?*
2. *Ano ang bahaging nais ng Diyos na gampanan mo sa misyon ng church?*
3. *Ano ang mga bagay na humahadlang sa iyo o maaaring makahadlang sa iyo sa pagganap sa bahaging iyon?*

# What is Disciplemaking?<sup>1</sup>



Ang disciplmaking o discipleship ay **pagtulong sa ibang tao na mas makilala si Jesus, magtiwala kay Jesus, at sumunod kay Jesus.**



Sa ating pagsunod sa Panginoong Jesus, binabago niya ang ating mga isipan, mga hangarin, mga relasyon at mga pangarap sa buhay. Binigyan tayo ng bagong buhay ng Panginoon para ibahagi din ito sa iba at sanayin sila sa pagsunod sa kanya: “Pinili ko kayo upang kayo’y magbunga” (Jn 15:16). Kung ano ang natutunan natin ay siya namang ibabahagi natin sa iba, tulad ng halimbawa ni apostol Pablo kay Timoteo (2 Tim 2:2). Ito ang tinatawag na “*disciple-making*.”

Ibig sabihin, walang sinumang nagsasabing siya ay tagasunod ni Jesus ang makukuntentong paupu-upo at patingin-tingin lang. Lahat ay may bahagi sa huling utos ni Jesus bago siya bumalik sa langit: “*Make disciples of all nations...*” (Mt 28:19). Saanman tayo naroroon, saanmang sulok ng mundo tayo dalhin ng Diyos, ang layunin natin ay “*to make disciples who make disciples who make disciples*” hanggang maabot lahat ng mga lahi sa mundo at bumalik na ang Panginoon.

Hindi lang ito isang programa, kundi lifestyle. Anu-ano ang anim na elemento ng isang effective na disciple-making lifestyle?



**JESUS.** It's all about Jesus. Dito sa Mateo 28:16-20, tinawag silang "11 tagasunod ni Jesus." Pumunta sila sa bundok na sinabi ni Jesus sa kanila. Nakita nila si Jesus. Sinamba nila si Jesus. Nakay Jesus ang lahat ng

awtoridad sa langit at sa lupa. Ang lahat ng mga lahi ay para kay Jesus. Babautismuhan sa pangalan ng Ama, ng Anak (si Jesus!) at ng Espiritu. Tuturuan silang sumunod sa lahat ng utos ni Jesus. It's all about Jesus! Life is all about Jesus! San umiikot ang buhay mo? Hindi lahat ng tao si Jesus ang nasa sentro ng buhay nila. Kahit Christians na, we still struggle with this. Ang goal ng disciple-making ay ilapit sila sa Panginoong Jesus, tulungan silang makilala pa siya, magtiwala sa kanya, sumunod sa kanya.

**BIBLE.** Babad tayo dapat sa Salita ng Diyos. Ang ididisciple natin, tuturuan natin ng Salita ng Diyos at kung paano pag-aaralan ang Salita ng Diyos. It is "profitable for teaching, for rebuking, for correction, and for training in righteousness" (2 Tim. 3:16). Hindi lang for head knowledge, kundi for heart transformation and life change. "Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo" (Mt 28:20). Hindi lang basta mag-aral ng Bibliya, kundi maturuan silang magtiwala at sumunod sa Diyos sa lahat ng bahagi ng kanilang buhay. Our goal is not just information, but transformation (Rom 12:1-2; 2 Cor 3:18).







**RELATIONSHIPS.** “Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu” (Mt. 28:19). Hindi lang basta mailubog sila sa tubig, kundi maakay sa isang malapit na relasyon sa tatlong

persona ng Diyos at maikonekta sa pamilya ng Diyos - ang iglesya o church (*grace community*). We make disciples in community. Nais nating lumago sila sa pag-ibig sa Diyos at sa pag-ibig sa mga kapatid sa Panginoon.

**INTENTIONALITY.** Ang disciple-making ay di mangyayari basta-basta. Dapat intentional. Dapat may plano. Sabi ni Jesus, “Puntahan ninyo...” Sino ang pupuntahan mo?



Paano ka pupunta? Kailan ka pupunta? Kung ang disciple-maker ay tumutulong sa iba na makakilala kay Jesus at makasunod sa kanya, dapat may plano ka kung anong gagawin mo. Paano mo gagawin iyon? Hindi natin ito magagawa kung nakaupo lang, hindi nagpaplano at hindi naglalaan ng oras para sa iba.




**JOURNEY.** Ayon kay Jim Putman, sa kanyang *Real-Life Discipleship*, merong proseso ang paglago ng isang disciple, at dapat aware tayo dito para matulungan natin sila ayon sa pangangailangan o kalagayan nila. Oo

nga't hindi naman linear, straight line ang process na 'to, may ups and downs, pero nandoon ang growth. Ito ang discipleship journey na sasamahan natin ang iba, aalalayan, paglalaanan ng panahon.

Hindi ito program, meron itong personal involvement. Tulad ng halimbawa ng Panginoon sa kanyang pagtuturo sa mga tagasunod niya. Inilaan niya ang oras, lakas, at buhay niya para sa kanila. Nagbigay siya ng magandang halimbawang dapat nilang tularan. Tulad ni apostol Pablo sa mga taga-Tesalonica (1 Tes 2:7-12) na para siyang isang “mapagkalingang ina,” inihandog “ang aming buhay” dahil “sa laki ng aming pagmamahal sa inyo”; at tulad din ng “ama” - “pinayuhan namin kayo, pinalakas namin ang inyong loob, at hinikayat na mamuhay nang tapat sa paningin ng Diyos.”

**MULTIPLY.** Sa creation pa lang ito na ang nais ng Panginoon sa atin, to reproduce, to multiply (Gen. 1:28; 9:1). Pero hindi biological reproduction ang point, kundi iyong reproducing the life of Jesus in us.



“By this my Father is glorified, that you bear much fruit and so prove to be my disciples...You did not choose me, but I chose you and appointed you that you should go and bear fruit and that your fruit should abide” (Joh 15:16 ESV). At nangyayari ito kapag ang mga inaakay nating tagasunod ni Jesus ay nag-aakay na rin ng ibang tagasunod ni Jesus na nag-aakay na rin ng ibang tagasunod ni Jesus.

Kapag multiplication, mabagal sa simula, kasi mag-iinvest ka sa buhay ng isa o dalawang tao para makapagmultiply din sila. Sa isang taon, dalawa na kayo. After 2 years, apat pa lang. After 6 years, 16. After 8 years, 256 na. After 10 years 1,024 na. After 20 years more than 1 million na!

Ganyan kalaki ang impact if we will invest our life sa buhay ng isa o dalawang tao sa loob ng isa o dalawa o tatlong taon. Ganyan ang ginawa ni Jesus sa 12 sa loob ng tatlong taon. Siyempre di pa natin nakikitang nangyayari. Kasi may part tayo na gagampanan. Ang dinidisciple din natin may part na gagampanan. Pero higit sa lahat, mangyayari ito dahil sa kapangyarihan ng Espiritu na nasa atin. Ito naman ang pinangako ni Jesus. “At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa katapusan ng mundo” (Mat. 28:20).

## What is a Disciple?<sup>2</sup>



Ang isang disciple ay **sumusunod kay Jesus, binabago ni Jesus, at ibinibigay ang buhay sa misyon ni Jesus.**



### **1. Learner** **Session Notes**

**Kung ako ay isang *learner*, paano ko matututunan ang mga katotohanang babago sa buhay ko?** Ang buhay ng isang disciple ay buhay ng isang mag-aaral o estudyante (*learner*). Nakikinig tayo sa mga salita ng ating Guro, ang Panginoong Jesus. Habang tinuturuan niya tayo sa pamamagitan ng kanyang Salita, binabago niya tayo at ang buhay natin dito sa mundo. Pag-isipan mong mabuti kung paano mo paplanuhing magbasa, magkabisa (*memorize*), at mag-aral ng Salita ng Diyos. Pero huwag na huwag mong kalilimutang ginagawa natin ito hindi para maragdagan ang kaalaman natin, kundi para magkaroon ng pagbabago sa puso natin (*heart transformation*). Ang layunin natin ay hindi lang paniwalaan ang Salita ng Diyos, kundi sundin at ipamuhay ito.

**a. How will I read God's Word?**

Maaari kang magsimula sa pagbabasa ng isang chapter sa isang araw, o pwede kang gumamit ng isang *Bible reading plan* para matapos basahin ang buong Bibliya sa loob ng isa o dalawang taon. Meron ding mga Bible apps na may mga Bible reading plans tulad ng *Olive Tree* at *YouVersion*.



**b. How will I memorize God's Word?**

Habang nagbabasa ka, humanap ka ng isa o ilang mga talata na pagtutuunan ng pansin at pag-iisapang mabuti kung ano ang sinasabi ng Diyos sa iyo para maipamuhay. Pagkatapos, sikaping kabisaduhin ito. Pwede kang magsimula sa isang verse lang sa isang linggo, at dagdagan mo pa kung nasasanay ka nang magkabisas.



### c. How will I learn God's Word from others?

Ang pag-aaral ng Salita ng Diyos ay hindi lang self-study. Kailangan natin ng mga pastor, guro at ang bawat isa na tapat na ituturo ang Salita ng Diyos sa atin at tutulungan tayong sumunod dito. Mag-isip ka ng mga simple at tiyak na paraan para mas matutunan mo ang Salita ng Diyos sa iba, maging ito ay sa worship gathering, sa isang small group (tulad ng *grace community* at *fight club*), sa *Doulos School of Ministry*, o sa ilang mga aklat at iba pang resources.



## 2. Worshipper

### Session Notes

**Kung ako ay isang *worshipper*, paano ko papainitin ang pag-ibig ko sa Diyos?** Ang Diyos ang ating Ama, tayo ay kanyang mga Anak. Ang layunin ng pagliligtas sa atin ay upang sumamba sa kanya – ngayon at magpakailanman. Dapat iwasan nating ang mga ginagawa natin ay panlabas lang, mekanikal, parang ritwal lang. Pinupuno natin ang isip natin ng Salita ng Diyos, para ang puso natin ay masanay na umibig sa Diyos. Sa mga disiplinang espirituwal tulad ng pagsamba, pananalangin, pag-aayuno (*fasting*) at pagbibigay, ang layunin natin ay mas masabik ang damdamin natin na makipagtagpo at mapalapit pa sa Diyos.

**a. How will I worship?**

Anu-anong paraan ang gagawin mo para makatiyak na naka-focus ka sa pagsamba sa lahat ng bahagi ng buhay mo? Paano mo gagawing prayoridad ang lingguhang pagsamba kasama ang church family mo? Paano ka sasamba, bukod sa araw ng Linggo, kasama ang iba (*grace community*, Prayer Meeting, family worship, atbp.)?



**b. How will I pray?**

Anong oras ang ilalaan mo naman sa pansarili mong pagsamba (*Quiet Time*) para makipagtagpo sa Diyos na iyong Ama? Saan mo ito gagawin? Maghanap ng lugar at oras na makakapagconcentrate ka at walang iistorbo. Subukang gamitin ang Bible reading at prayer guide na ibibigay ng church.





### c. How will I fast?

Minsan sa isang linggo o minsan sa loob ng ilang linggo, sa halip na kumain ng almusal, tanghalian o hapunan, ilaan ang oras na iyon sa panalangin at pagbabasa ng Salita ng Diyos. Kapag nasanay ka na sa fasting, magplano naman ng pagpapaliban ng dalawang meals sa maghapon o hindi pagkain sa loob ng 24 oras. Minsan sa isang taon, magkakaroon ng sama-samang *Day of Prayer and Fasting* ang church. Sikaping makilahok dito.



### d. How will I give?

Isa sa pinakamabisang paraan para mas uminit ang pag-ibig natin sa Diyos ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga resources na ibinigay sa atin ng Diyos bilang pagsunod sa kanya. Nagsisimula ito sa pagbibigay sa church, iminumungkahing magsimula sa 10% ng kinikita at tinatanggap. Habang mas lumalaki ang pagpapala ng Diyos, planuhin ding dagdagan at matutong magbigay nang sagana, may pagsasakripisyo, at masaya. Habang umiinit

ang pag-ibig natin sa Diyos, lumalamig naman ang hangarin natin sa mga bagay sa mundong ito.



### **3. Family Member**

#### **Session Notes**

Kung ako ay isang *family member*, paano ko maipapakita ang pag-ibig ng Diyos sa mga kapatid ko kay Cristo bilang miyembro ng isang local church? Hindi tayo masasanay sumunod sa Panginoong Jesus nang nag-iisa. Kailangan natin ang isa't isa. Kailangan natin ang isang local church – isang pamilya ng magkakapatid kay Cristo na sama-samang ipinamumuhay ang kanyang mga salita. Natututo tayong magpasakop sa mga lider, mag-ibigan sa isa't isa, magpaalalahanan, at sama-samang tuparin ang layunin ng Diyos sa bawat isa. Kung tayo'y isang pamilya, planuhin mo kung paano mo maipapakita sa kapatid mo ang pag-ibig ng Diyos at makikipagtulungan sa paglilingkod sa iba't ibang ministeryo.

**a. Where?**

Saang church o grace community ka magpapa-miyembro at aktibong makikibahagi? Saang bahagi ng church o partikular na grupo o ministryo ang sasalihan mo?



**b. What?**

Habang pinagmamasdan mo ang mga nangyayari sa church o *grace community* na kinabibilangan mo na kinabibilangan mo, pag-isipan mo kung anu-anong bagay ang magagawa mo para matulungan ang church o grupong iyon. Isipin mo ang mga tiyak at kongkretong bagay na gagawin mo para maipakita ang pag-ibig ng Diyos sa ikalalago at ikatitibay ng kanyang Pamilya.



# 4. Servant


## Session Notes

**Kung ako ay isang *servant*, paano ko maibabahagi sa ibang tao ang pag-ibig ng Diyos – sa salita at sa gawa?**

Tulad ni Jesus na inialay ang kanyang buhay para maibalik at mailapit tayo sa Diyos, tayo namang mga tagasunod niya ay ibibigay din ang buhay para sa iba. Hindi lang natin tinatanong, “Ano ang kalooban ng Diyos sa buhay ko?” Tinatanong din natin, “Paano ko matitiyak na ang buhay ko ay nakaayon sa kalooban niya para sa buong mundo na makarinig ng Mabuting Balita (*gospel*), magsisi at sumampalataya kay Jesus?” Bawat taong inilagay ng Diyos sa buhay mo ay isang makasalanang nangangailangan ng Tagapagligtas. Ganyan ka din dati. Pero may naglaan ng panahon para sa iyo kaya ngayon ay nakay Cristo ka na. At ito ngayon ang layunin kung bakit nilikha, iniligtas at pinagpapala ka ng Diyos – para sabihin sa iba at ipakita sa pamamagitan ng mabuting gawa ang pag-ibig ng Diyos sa mga kamag-anak mo, kaibigan, kaeskuwela, katrabaho, mga mahihirap, mga inaapi, at mga bata.

**a. Servant to the church**

Mas masasanay tayo sa paglilingkod sa ibang tao kung dito pa lang sa church ay sinasanay na natin ang sarili natin. *Ano ang nakikita mong pangangailangang dapat tugunan sa church? O problemang dapat ayusin? O taong dapat tulungan? Ano ang gagawin mong hakbang para makapaglilingkod?*



**b. Servant to your family**

At hindi naman tamang maglilingkod ka sa ibang tao, tapos sarili mong pamilya di mo pinapansin. *Sa role mo bilang tatay, nanay, anak o kapatid, paano ka makapaglilingkod sa mga kasama mo sa pamilya at pati sa kasambahay kung meron? Anu-ano ang regular mong gagawin para maipadama ang pag-ibig ng Diyos para sa kanila?*



### c. Servant to the lost

Isulat ang pangalan ng tatlo, o lima, o sampung mga taong di pa sumasampalataya at sumusunod kay Jesus (*unbelievers*) – mga taong iniligay ng Diyos sa buhay mo. Mag-commit na regular silang ipanalangin na dalhin sila ng Diyos, sa kapangyarihan ng Espiritu, palapit sa kanya at gamitin ka niya para ibahagi sa kanila ang Magandang Balita (*gospel*).

Sa konteksto ng lugar kung saan ka nakatira, nagtatrabaho, nag-aaral o naglalaro/naglilibang, pag-isipan mo kung paano mo makukuwento sa kanila kung sino ang Diyos, kung ano ang laki ng problema ng tao (kasalanan), kung ano ang ginawang solusyon ni Jesus, at ang pangangailangan nating tumugon sa paanyaya ng Diyos. Gagamitin mo ba ang *The Story of God* sa kanila o *Following Jesus*?

Sa mga taong isinulat mo, kailan mo sisimulang ibahagi ang Mabuting Balita sa kanila? Gagawin mo ba ito sa pamamagitan ng pag-anyaya sa kanila na kumain sa bahay n'yo? O iimbitahan sa worship gathering? O magseset ng schedule ng lingguhang pag-aaral ng Salita ng Diyos?



# 5. Missionary

## Session Notes

**Kung ako ay isang *missionary*, paano ako makakatulong na mabigyang-karangalan ang Diyos sa lahat ng lahi – sa Pilipinas man o sa ibang bansa?** Kung paanong isinugo ng Ama ang kanyang Anak para tuparin ang kanyang misyon dito sa mundo, tayo rin ay isinusugo ni Jesus para abutin ang lahat ng lahi upang ang kanyang pangalan ay matanyag sa lahat ng sulok ng mundo. “Make disciples of *all nations*.” Saan ka man nakatira ngayon, paano magkakaroon ng impact ang buhay mo sa lahat ng bansa, tribo, wika at lahi sa mundong ito? Hindi lang ito para sa mga extraordinary missionaries, kundi para sa mga ordinaryong tagasunod ng Panginoong Jesus. Sa panahon ngayon, dahil sa migration, Internet, at globalization, abot-kamay na natin ang ibang mga lahi. Magagawa nating abutin ang natitira pang mga lahi (tulad ng mga Muslim) na di pa nakakakilala sa Panginoong Jesus – kung tulung-tulong tayo sa panalangin, pagbibigay, pagpunta, at pagsuporta sa mga pumupunta sa kanila.

**a. How will I pray for the nations?**

Masidhing ipanalanging dumating na ang kaharian ng Diyos at masunod ang kalooban ng Diyos sa buong mundo. Magplano kung paano ipapanalangin ang ibang bansa at ibang lahi, lalo na ang mga tinatawag na *unreached peoples*. Maaari mong gamitin ang *Operation World* ([www.operationworld.org](http://www.operationworld.org)), *Unreached of the Day* ([www.unreachedoftheday.org/](http://www.unreachedoftheday.org/) | may mobile app din ito); at *Global Prayer Digest* ([www.globalprayerdigest.org](http://www.globalprayerdigest.org)).



**b. How will I give to the nations?**

Magplanong magsakripisyo at gumastos para sa ibang mga lahi. Isakripisyo ang mga gusto mong bilhin para sa matinding pangangailangan ng ibang lahi – lalo na ang pangangailangang makarinig ng Mabuting Balita. Maaaring dagdagan ang ibinibigay sa church (malaking porsyento ng budget natin ay napupunta sa missions) o humanap ng susuportahang mga organisasyon o mga taong ang focus ng ministry ay sa pag-abot sa mga *unreached*.



### c. How will I go to the nations?

Pag-isipan at ipanalanging mabuti ang iba't ibang paraan para gugulin mo ang ilang panahon ng buhay mo, o dalhin ang pamilya mo, o samantalahin ang oportunidad sa trabaho mo para madala ang Mabuting Balita sa ibang lahi. Maaaring sumama ka sa isang *short-term mission trip*. O baka sinasabi ng Diyos sa iyo na maglaan ng mas mahabang panahon pa, o ilaan na ang buong buhay mo sa pagmimisyon sa ibang lahi. Gumawa ng plano tungkol dito, ayon sa gabay ng Panginoon.



## 6. Disciplemaker

### Session Notes

Hindi ka lang isang disciple, ikaw din ay disciple-maker! Kung paano ka natulungan ng iba sa pagiging disciple, ganoon din dapat ang gawin mo sa iba. **Kung ako ay isang *disciple-maker*, paano ko masasanay ang ilan sa mga kapatid ko kay Cristo na makasunod din sa kanya?**

Inilaan ni Jesus ang kanyang buong buhay para maturuan at makasama ang iilan (12 disciples/apostles). Ito ang malinaw na strategy ng Panginoon na nais niyang tularan natin – ang abutin ang buong mundo sa pamamagitan ng bawat isa sa atin na inilalaan ang buhay sa iilan. Saan man tayo dalhin ng Panginoon, ii-invest natin ang buhay natin sa ilang mga tagasunod ni Jesus para sila rin ay maturuan ng Salita ng Diyos, makasunod, maipamuhay at maituro din ito sa iba. Ito ang naging kagalakan ng Panginoong Jesus, ito rin ang sabik at masaya nating gagawin habang tayo ay nabubuhay at naghihintay sa kanyang pagbabalik.

Dahil nasasabik tayo sa pagbabalik niya at alam nating may bahagi (*participation*) tayo para magkaroon ng katuparan iyon, mahalaga ang personal na pagpaplanong gagawin natin bilang isang hakbang para maranasan natin nang lubusan ang nag-uumpaw na biyaya ng Diyos sa ating buhay. Wala nang buhay na mas masaya pa kaysa sa buhay na nakalaan at nakikibahagi sa misyon ng Diyos para sa buong mundo! Bakit mo pa nga naman sasayangin ang buhay mo sa pag-abot sa isang pangarap o ambisyong higit na mababaw kaysa dito?

**a. Whom will I invite to disciple-making?**

Isulat ang pangalan ng isa, dalawa, o tatlong kapatid kay Cristo na inilagay ng Diyos sa puso mo para gabayan sa pagsunod sa Panginoon at sanayin din sa *disciple-making*? Sino ang napapansin mong “receptive” o nakikinig at makikinig sa iyo? Sino ang nakikita mo na ang pagkilos ng Diyos sa buhay niya at inihahanda para sa ganitong klaseng relasyon sa iyo?



**b. How will I bring them in?**

Paano ko sila aanyayahan na maglaan ng ilang oras kada linggo para pagtulungan namin ang paglago sa pagsunod kay Cristo? Anu-anong adjustments ang gagawin ko sa aking schedule para makapaglaan ng oras sa kanila?



### c. How will I teach them to obey?

Pag-isipan kung paano sila matuturuang sumunod sa lahat ng ipinag-uutos ng Panginoon. Tingnan ang pagbabago sa kanilang buhay. Maaari kang magsimula sa pamamagitan din ng paggamit ng mga tanong sa disciplemaking plan na ito para matulungan silang magkaroon din ng personal na plano. Tingnan ang suggested na discipleship curriculum na pwedeng gamitin sa susunod na bahagi.



### d. How will I model obedience?

Ang pagtuturo ay hindi lang sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga lessons sa kanila, kundi kailangan din nilang makita kung paano mo ipinamumuhay ang pagiging tagasunod ni Jesus. Sa paggawa ng mga *disciplemakers*, kasama dito ang pagsasabi sa kanila ng “Follow me.” Pag-isipan ang ilang paraan kung paano mo sila mapaglilingkuran at mabibigyan ng magandang halimbawa sa pagsunod kay Jesus. Isama dito ang mga paraan kung paano mo babantayan at aalagaan ang puso mo sa kabanalan (lalo na sa bahagi ng *relational* at *sexual purity*). Planuhin mo ding isama sila sa iba’t ibang paglilingkod tulad ng pagbabahagi ng *The Story of God* sa iba.



**e. How will I send them out?**

Ang layunin natin ay hindi lang para sila ay matulungang sumunod kay Jesus, kundi para balang araw sila rin ay matutong turuan at sanayin ang iba na sumunod kay Jesus at maging *disciplemakers* din. *Gaano kahabang panahon ang ilalaan namin para sa discipleship?* Sa iba ay kalahating taon ay sapat na. Sa iba naman ay maaaring isa hanggang dalawang taon. Pag-isipan kung paano mo sila ikukumisyon (*commissioning*) para makapagsimula na rin silang magsanay ng iba. Isipin mo din kung paano mo sila patuloy na paglilingkuran at gagabayan habang sila naman ang nagsasanay ng iba. Gamitin mo rin ang *disciplemaking plan* na ito para sanayin sila na sila rin ay makapag-*disciple* na sa iba.





# Discipleship Process

Mahalaga ang relasyon sa pagdidisciple. Mahalaga rin ang pagtuturo tungkol sa Salita ng Diyos. Para magabayan sila sa kanilang paglalakbay sa pagsunod kay Jesus, maaaring sundin ang mga pag-aaral na ito...

## 1. **The Story of God** (Overview of Biblical Story)

- Week 1 – Creation to Christ Story
- Week 2 – Adam and Eve
- Week 3 – Cain and Noah
- Week 4 – Abraham and Isaac
- Week 5 – Exodus and Law
- Week 6 – Kings and Prophets
- Week 7 – Life of Jesus
- Week 8 – Works of Jesus
- Week 9 – Death and Resurrection of Jesus
- Week 10 – The Church of Jesus
- Week 11 – The Christian Life
- Week 12 – New Creation

## 2. **New Life in Christ** (Baptism)

- Week 1 – Baptism Part 1
- Week 2 – Baptism Part 2

## 3. **Following Jesus** (Basic Christianity)

- Week 1 – The Authority of Jesus
- Week 2 – The Death of Jesus
- Week 3 – The Resurrection of Jesus
- Week 4 – Grace, Not Works

- Week 5 – Repentance
- Week 6 – Faith

#### 4. **First Steps** (Basic Discipleship)

- Week 1 – Salvation as Work of God
- Week 2 – A Life Pleasing to God
- Week 3 – Listening to God
- Week 4 – Talking to God
- Week 5 – Connecting to God’s Family
- Week 6 – Witnessing to the World
- Week 7 – Suffering and Hope

#### 5. **Welcome to the Family** (Primer on Grace Communities)

- Week 1 – Gospel: Formed by God’s Story
- Week 2 – *Our Statement of Faith*
- Week 3 – Community: God’s Family
- Week 4 – Mission: Participating in God’s Mission
- Week 5 – Commitment: Church Membership
- Week 6 – *Church Covenant*

#### 6. **The Gospel-Centered Life**

- Week 1 – Gospel-Centered Bible Reading
- Week 2 – Gospel-Centered Prayer
- Week 3 – Gospel-Centered Worship
- Week 4 – Gospel-Centered Life
- Week 5 – Gospel-Centered Family
- Week 6 – Gospel-Centered Work

7. **Gospel Identity** (Local and Global Disciplemaking)


- Week 1 – A Disciple is a Learner
- Week 2 – A Disciple is a Worshiper
- Week 3 – A Disciple is a Family Member
- Week 4 – A Disciple is a Servant
- Week 5 – A Disciple is a Missionary
- Week 6 – A Disciple is a Disciplemaker

8. **Xplore** (God's Word, God's World, God's Work)


- Week 1 – God's Word: God's Heart
- Week 2 – God's World: THUMB
- Week 3 – God's Work: Praying
- Week 4 – God's Work: Sending
- Week 5 – God's Work: Welcoming
- Week 6 – God's Work: Going
- Week 7 – God's Work: Mobilizing

9. **Fight Clubs** (Fighting the Fight of Faith Together)

- Week 1 – Why Fight
- Week 2 – How to Fight
- Week 3 – Why Fight Together
- Week 4 – How to Fight Together



Making Biblical Disciples



1. *Sa ngayon, nasaang yugto o stage na ako sa discipleship journey?*
2. *Anu-anong hakbang ang dapat kong gawin para magpatuloy sa aking spiritual growth?*
3. *Ang taong ididisciple ko, nasaang stage na?*
4. *Anong hakbang ang dapat kong unahin para matulungan siya sa kanyang spiritual growth ngayon?*

---

<sup>1</sup> Harrington, Bobby and Josh Patrick, *Discipleship Handbook: Six Elements of a Discipleship Lifestyle*. 2013. Available as pdf download at <http://discipleship.org>. Images are also taken from that site.

<sup>2</sup> Platt, David. "Personal Disciple-Making Plan." You can access the original pdf and other resources here: <http://wp.me/p2G3S5-nm>.